# *Aral Mula Sa Krus ni Jesus*
# *Itinuturo sa Atin Na Gawin ang Kanyang Kalooban*

***"15 At siya'y namatay dahil sa lahat, upang ang nangabubuhay ay huwag nang mabuhay pa sa kanilang sarili, kundi doon sa namatay dahil sa kanila at muling nabuhay." (2 Corinto 5:15 KJV)***

Sa Kanyang huling ilang oras sa krus ang ating Panginoong JesuCristo ay nagdusa ng malupit na sakit upang bayaran ang halaga para sa ating mga kasalanan. Kahit habang Siya ay nakapako sa krus na may buong matinding sakit, sinabi Niya ang Kanyang huling mga salita na nagdadala sa atin ng malaking aral at maaaring sabihin kung ano ang nais ni Jesus mula sa atin.

***1) Pagpapatawad: "34 At sinabi ni Jesus, Ama, patawarin mo sila; sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa. At sa pagbabahabahagi nila ng kaniyang mga suot ay kanilang pinagsapalaranan." (Lucas 23:34 KJV)*** Ang krus ni Jesus ay nagtuturo sa atin ng pagpapatawad. Kailangan nating patawarin ang mga nanakit at naminsala sa atin. Minsan ay tinanong ni Simon Pedro ang Panginoon. ***"21 Nang magkagayo'y lumapit si Pedro at sinabi sa kaniya, Panginoon, makailang magkakasala ang aking kapatid laban sa akin na siya'y aking patatawarin? hanggang sa makapito?" (Mateo 18:21 KJV)*** Ang mga nagpako kay Jesus pinaghati hati nila ang Kanyang kasuotan; Sa parehong paraan ang mga taong nanakit sa iyo o nakakapinsala sa iyo sila ay nasa parehong kaawa awang kalagayan ng kasalanan, at sa pagpapatawad sa kanila ay kaawaan sila dahil hindi nila alam ang kanilang ginagawa. Ang Salita ng Dios ay nagpapayo sa atin ng mga sumusunod: ***"13 Mangagtiisan kayo sa isa't isa, at mangagpatawaran kayo sa isa't isa, kung ang sinoman ay may sumbong laban sa kanino man; na kung paanong pinatawad kayo ng Panginoon, ay gayon din naman ang inyong gawin:" (Colosas 3:13 KJV)*** Kailangang patawarin natin ang iba upang patawarin tayo ng Dios, ***"14 Sapagka't kung ipatawad ninyo sa mga tao ang kanilang mga kasalanan, ay patatawarin naman kayo ng inyong Ama sa kalangitan, 15 Datapuwa't kung hindi ninyo ipatawad sa mga tao ang kanilang mga kasalanan, ay hindi rin naman kayo patatawarin ng inyong Ama ng inyong mga kasalanan." (Mateo 6:14-15 KJV)***

***2) Habag sa mga naligaw: "39 At siya'y inalipusta ng isa sa mga tampalasang nabibitin, na sinasabi, Hindi baga ikaw ang Cristo? iligtas mo ang iyong sarili at kami. 40 Datapuwa't sumagot ang isa, at pagsaway sa kaniya'y sinabi, Hindi ka pa baga natatakot sa Dios, yamang ikaw ay nasa gayon ding kaparusahan? 41 At tayo sa katotohanan ay ayon sa katuwiran; sapagka't tinanggap natin ang nararapat na kabayaran sa ating mga gawa; datapuwa't ang taong ito'y hindi gumagawa ng anomang masama. 42 At sinabi niya, Jesus, alalahanin mo ako, pagdating mo sa iyong kaharian. 43 At sinabi niya sa kaniya, Katotohanang sinasabi ko sa iyo, Ngayon ay kakasamahin kita sa Paraiso." (Lucas 23:39-40 KJV)*** Si Jesus ay naawa sa nalilgaw na mga kaluluwa; na ang may salang iyon na nakapako sa krus, ipinahayag ng Banal na Espiritu sa kanya na si Jesus ay ang Panginoon at hari at kaya naman hiniling niya, ***"Panginoon alalahanin mo ako, pagdating mo sa iyong kaharian."*** At ***"sinabi ni Jesus sa kaniya, Katotohanang sinasabi ko sa iyo, Ngayon ay kakasamahin kita sa Paraiso."*** Dapat magkaroon tayo ng parehong pagibig at awa sa naliligawa na mga kaluluwa; kailangan nating pumunta sa kanila at ipangaral sa kanila ang evangelio ni Jesus at ang Kanyang pagkamatay sa krus at ang Kanyang pagkabuhay upang manampalataya at maligtas.

***3) Ang pagpapahalaga sa pananagutan: "25 Ang mga bagay ngang ito ay ginawa ng mga kawal. Datapuwa't nangakatayo sa piling ng krus ni Jesus ang kaniyang ina, at ang kapatid ng kaniyang ina, na si Maria na asawa ni Cleopas, at si Maria Magdalena. 26 Pagkakita nga ni Jesus sa kanyang ina, at sa nakatayong alagad na kaniyang iniibig, ay sinabi niya sa kaniyang ina, Babae, narito, ang iyong anak! 27 Nang magkagayo'y sinabi niya sa alagad, Narito, ang iyong ina! At buhat nang oras na yaon ay tinanggap siya ng alagad sa kaniyang sariling tahanan." (Juan 19:25-27 KJV)*** Si Jesucristo ay daang porsyento na Dios at Siya ay daang porsyento na tao. Mula sa laman na bahagi si Maria ang Kanyang ina, ngunit mula sa Espiritu si Jesus ang kanyang Panginoon. Ito ang sinabi ni Maria, ***"46 At sinabi ni Maria, Dinadakila ng aking kaluluwa ang Panginoon. 47 At nagalak ang aking espiritu sa Dios na aking Tagapagligtas." (Lucas 1:46-47 KJV)*** Kaya tinawag ni Jesucristo siyang babae. Ngunit nang ipagkaloob Niya ang pananagutan ng Kanyang ina sa minamahal na mga alagad sinabi Niya sa kanya, ***"Narito, ang iyong ina!"*** dahil itinuturo sa atin ng Bibliya na ang pagtrato sa matatandang babae ay gaya sa mga ina, bilang isang paggalang sa kanila at para sa kanilang pagseserbisyo. Matutunan natin sa ginawa ni Jesus sa krus patungo sa Kanyang ina na alagaan ang ating mga magulang at pamilya. Dapat tayong magkaroon ng pananagutan sa kanila gaya ng sinasabi ng Salita ng Dios, ***"8 Datapuwa't kung ang sinoman ay hindi nagkakandili sa mga sariling kaniya, lalong lalo na sa kaniyang sariling sangbahayan, ay tumanggi siya sa pananampalataya at lalong masama kay sa hindi sumasampalataya." (1 Timoteo 5:8 KJV)***

***4) Pagtitiis hanggang sa huli: "33 At nang dumating ang ikaanim na oras, ay nagdilim sa buong lupa hanggang sa oras na ikasiyam. 34 At nang oras na ikasiyam ay sumigaw si Jesus ng malakas na tinig: Eloi, Eloi, lama sabacthani? na kung liliwanagin ay, Dios ko, Dios ko, bakit mo ako pinabayaan?" (Marcus 15:33-34 KJV)*** Bakit sinabi ni Jesus, ***"Dios ko, Dios ko, bakit mo ako pinabayaan?"*** Nang si Jesus ay nasa krus ay ipinasan ng Dios sa Kanya ang lahat ng kasalanan ng mundo, at sa pagdurusang iyon ay dinadala ni Jesus bilang isang tao na may buong pakiramdam ng sakit. Iniwan ng Dios si Jesus na mag isa upang dalhin ang mga kasalanan ng buong sanglibutan. ***"21 Yaong hindi nakakilala ng kasalanan ay kaniyang inaring may sala dahil sa atin: upang tayo'y maging sa kaniya'y katuwiran ng Dios." (2 Corinto 5:21 KJV)*** Ngunit kahit sa ganitong sitwasyon ay hindi sumuko si Jesus, bagkus ay nagpatuloy Siya sa buong sakit at pagdurusa hanggang sa huli. Ang matututuhan natin mula roon ay ang mga sumusunod: Sa ating paglakad kasama ang Dios ay may mga panahon ng tagsibol, nakakaginhawa at masasayang sandali, ngunit mayroon ding mga panahong mahirap at masakit na karanasan na hahayaan tayo ng Dios na dumaan. Sa napakahirap na panahon maaari mong isipin na wala ang Dios o kapag dumaan ka sa masakit na kagipitan at hindi ka pinapaginhawa ng Dios. Ngunit hindi iyon totoo; Nandiyan pa rin ang Dios sa tabi mo. Ang kailangan mong gawin sa mga panahong iyon ay sundin ang ginawa ni Jesus, magtiis at hanggang wakas.

***5) Magsikap upang matupad ang Kasulatan: "28 Pagkatapos nito, pagkaalam ni Jesus na ang lahat ng mga bagay ay naganap na nga, upang matupad ang kasulatan, ay sinabi, Nauuhaw ako." (Juan 19:28 KJV)*** Sinabi ng Panginoong Jesu Cristo: ***"Nauuhaw ako."***, dahil Siya ay pumarito upang ganapin ang Banal na Kasulatan gaya ng sinabi Niya, ***"17 Huwag ninyong isiping ako'y naparito upang sirain ang kautusan o ang mga propeta: ako'y naparito hindi upang sirain, kundi upang ganapin. Sapagka't katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hanggang sa mangawala ang langit at ang lupa, ang isang tuldok o isang kudlit, sa anomang paraan ay hindi mawawala sa kautusan, hanggang sa maganap ang lahat ng mga bagay. 19 Kaya't ang sinomang sumuway sa isa sa kaliitliitang mga utos na ito, at ituro ang gayon sa mga tao, ay tatawaging kaliitliitan sa kaharian ng langit: datapuwa't ang sinomang gumanap at ituro, ito'y tatawaging dakila sa kaharian ng langit. 20 Sapagka't sinasabi ko sa inyo, na kung hindi hihigit ang inyong katuwiran sa katuwiran ng mga eskriba at mga Fariseo, sa anomang paraan ay hindi kayo magsisipasok sa kaharian ng langit." (Mateo 5:17-20 KJV)*** Dumating ang Panginoong JesuCristo upang ganapin ang kalooban ng Dios at gawin ang Salita ng Dios gaya ng sinabi Niya, ***"7 Nang magkagayo'y sinabi ko: Narito, dumating ako; sa balumbon ng aklat ay nakasulat tungkol sa akin: 8 Aking kinalulugurang sundin ang iyong kalooban, Oh Dios ko; Oo, ang iyong kautusan ay nasa loob ng aking puso." (Awit 40:7-8 KJV)*** Tayo rin ay dapat matutong sumunod sa Dios at sa Kanyang Salita at ganapin ang mga Banal na Kasulatan sa ating buhay sa paggawa ng Kanyang kalooban.

Ang Panginoong Jesucristo ay nauhaw sa krus; Nagdusa Siya bilang tao na may lahat ng pisikal na pakiramdam ng sakit. Siya ay daang porsyentong Dios, Siya rin ay daang porsyentong tao. Nang makaramdam Siya ng pagkauhaw, bagama't Siya ay Dios, nagpakumbaba Siya at humingi ng inumin, ***"6 Na siya, bagama't nasa anyong Dios, ay hindi niya inaring isang bagay na nararapat panangnan ang pagkapantay niya sa Dios, 7 Kundi bagkus hinubad niya ito, at naganyong alipin, na nakitulad sa mga tao: 8 At palibhasa'y nasumpungan sa anyong tao, siya'y nagpakababa sa kaniyang sarili, na nagmasunurin hanggang sa kamatayan, oo, sa kamatayan sa krus. 9 Kaya siya naman ay pinakadakila ng Dios, at siya'y binigyan ng pangalang lalo sa lahat ng pangalan; 10 Upang sa pangalan ni Jesus ay iluhod ang lahat ng tuhod, ng nangasa langit, at ng nangasa ibabaw ng lupa, at ng nangasa ilalim ng lupa, 11 At upang ipahayag ng lahat ng mga dila na si Jesucristo ay Panginoon, sa ikaluluwalhati ng Dios Ama." (Filipos 2:6-11 KJV)*** Natutunan natin mula sa gawa ni Jesus sa krus ay upang magkumbaba; kapag kailangan natin ng isang bagay kailangan nating magpakumbaba, tayo ay lumalapit at humihingi, at hindi upang magkaroon ng kapalaluan o kayabangan.

Para saan si Jesus ay nauhaw nang sabihin Niya sa krus, ***"Nauuhaw ako"***? Sa ilang pagkakataon sa Bibliya ipinakita ni Jesus ang Kanyang pagnanais na kumain o uminom. Ang isa sa kanila ay nasa Huling Hapunan sa gabi ng pagtataksil sa Kanya, tulad ng mababasa natin ngayon, ***"14 At nang dumating ang oras, ay naupo siya, at ang mga apostol ay kasalo niya. 15 At sinabi niya sa kanila, Pinakahahangad kong kanin na kasalo ninyo ang kordero ng paskuang ito bago ako maghirap: 16 Sapagka't sinasabi ko sa inyo, Ito'y hindi ko kakanin, hanggang sa ito'y maganap sa kaharian ng Dios. 17 At siya'y tumanggap ng isang saro, at nang siya'y makapagpasalamat, ay sinabi niya, Kunin ninyo ito, at inyong pagbahabahaginin: 18 Sapagka't sinasabi ko sa inyo, na hindi na ako iinom mula ngayon ng bunga ng ubas, hanggang sa dumating ang kaharian ng Dios." (Lucas 22:14-18 KJV)*** Nais ni Jesus na kumain sa Paskua at uminom ng bunga ng puno ng ubas kasama ng Kanyang mga alagad bago Siya magdusa dahil hindi Niya ito matitikman hanggang sa dumating ang Kaharian ng Dios. Ang espirituwal na kahulugan ng bunga ng puno ng ubas ay nangangahulugan ng katuwiran ng Dios na nais makita ni Jesus sa buhay ng Kanyang mga alagad. Sinabi ni Jesus, ***"6 Mapapalad ang nangagugutom at nangauuhaw sa katuwiran: sapagka't sila'y bubusugin." (Mateo 5:6 KJV)***

Si Jesus ay uhaw na makita ang Kanyang mga alagad na ipinapamuhay ang kanilang buhay sa kabanalan at katuwiran para sa Dios. Siya ay uhaw para sa mga tao na magkaroon ng bunga ng Banal na Espiritu sa kanilang buhay, na puspos ng pagibig, kagalakan, kabutihan, kahinahunan at pagpipigil sa sarili.

*Para saan si Jesus ay nagutom o nauhaw at gusto Niyang kumain at uminom?* Minsan ang Panginoong Jesucristo ay nakaupo kasama ang isang Samaritano at nangangaral sa kanya ng Salita ng Dios. ***"31 Samantala ay ipinamamanhik sa kaniya ng mga alagad, na nangagsasabi, Rabi, kumain ka. 32 Datapuwa't sinabi niya sa kanila, Ako'y may pagkaing kakanin na hindi ninyo nalalaman. 33 Ang mga alagad nga ay nangagsangusapan, May tao kayang nagdala sa kaniya ng pagkain? 34 Sinabi sa kanila ni Jesus, Ang pagkain ko ay ang aking gawin ang kalooban ng sa akin ay nagsugo, at tapusin ang kaniyang gawa." (Juan 4:31-34 KJV)*** At ito rin ang dapat nating maging pagkain, upang ipangaral ang Salita ng Dios, at upang maabot ang mga naliligaw at upang dalhin sila sa kaalaman ni Cristo Jesus na ating Panginoon. Si Jesus ay nagugutom at nauuhaw na makita tayong gumagawa ng kalooban ng Diyos at tapusin ang Kanyang gawain sa pamamagitan ng pagdadala ng mga bagong kaluluwa sa Kanyang kaharian.

***6) Gawing possible upang maging sakdal: "30 Nang matanggap nga ni Jesus ang suka, ay sinabi niya, Naganap na: at iniyukayok ang kaniyang ulo, at nalagot ang kaniyang hininga." (Juan 19:30 KJV)*** Ang Salitang ***"Naganap na"*** nagpapahiwatig ng sakdal na gawain na ginampanan ni Jesus; lahat ng kailangan gawin. Sinabi ni Jesus. ***"13 Ako ang Alpha at ang Omega, at ang una at ang huli, ang pasimula at ang wakas." (Pahayag 22:13 KJV)*** W Walang sinuman bago si Jesus at walang sinuman ang sumusunod sa Kanya. Siya ang buhay na Salita ng Dios. Hindi mo maaaring idagdag sa kung ano ang Kanyang ginawa at hindi mo maaaring ibawas mula sa kung ano ang Kanyang itinayo. ***"15 Na siya ang larawan ng Dios na di nakikita, ang panganay ng lahat ng mga nilalang; 16 Sapagka't sa kaniya nilalang ang lahat na mga bagay, sa sangkalangitan at sa sangkalupaan, na mga bagay na nakikita at ang mga bagay na di nakikita, maging mga luklukan o mga pagsakop o mga pamunuan o mga kapangyarihan; lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan niya at ukol sa kaniya; 17 At siya'y una sa lahat ng mga bagay, at ang lahat ng mga bagay ay nangabubuhay dahil sa kaniya. 18 At siya ang ulo ng katawan, sa makatuwid baga'y ng iglesia; na siya ang pasimula, ang panganay sa mga patay; upang sa lahat ng mga bagay, ay magkaroon siya ng kadakilaan. 19 Sapagka't minagaling ng Ama na ang buong kapuspusan ay manahanan sa kaniya; 20 At sa pamamagitan niya ay pakipagkasunduin sa kaniya ang lahat ng mga bagay, na pinapayapa niya sa pamamagitan ng dugo ng kaniyang krus; sa pamamagitan niya, sinasabi ko, maging mga bagay sa kalupaan, o***

***mga bagay sa sangkalangitan." (Colosas 1:15-20 KJV)*** Sinabi rin ni Jesus, ***"6 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko." (Juan 14:6 KJV)*** Hindi mo maaabot ang Langit at ang Dios Ama maliban sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Jesus. Siya ang tanging daan, ***"5 Sapagka't may isang Dios at may isang Tagapamagitan sa Dios at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus, 6 Na ibinigay ang kaniyang sarili na pangtubos sa lahat; na pagpapatotoong mahahayag sa sariling kapanahunan;" (1 Timoteo 2:5-6 KJV)***

***7) Italaga ang iyong sarili: "44 At nang may oras na ikaanim na, ay nagdilim sa ibabaw ng buong lupa, hanggang sa oras na ikasiyam, 45 At nagdilim ang araw: at nahapak sa gitna ang tabing ng templo. 46 At si Jesus, na sumigaw ng malakas na tinig, ay nagsabi, <u>Ama, sa mga kamay mo ay ipinagtatagubilin ko ang aking espiritu:</u> at pagkasabi nito, ay nalagot ang hininga." (Lucas 23:44-46 KJV)*** Itinalaga ni Jesus ang Kanyang Espiritu sa mga kamay ng Dios. ***"18 Sapagka't si Cristo man ay nagbata ring minsan dahil sa mga kasalanan, ang matuwid dahil sa mga di matuwid, upang tayo'y madala niya sa Dios; siyang pinatay sa laman, nguni't binuhay sa espiritu." (1 Pedro 3:18 KJV)*** Si Jesus ay namatay sa krus; ang Kanyang katawan ay namatay ngunit ang Kanyang Espiritu, ang Espiritu ng Dios, ay buhay, ***"19 Na iyan din ang kaniyang iniyaon at nangaral sa mga espiritung nasa bilangguan, 20 Na nang unang panahon ay mga suwail, na ang pagpapahinuhod ng Dios, ay nanatili noong mga araw ni Noe, samantalang inihahanda ang daong, na sa loob nito'y kakaunti, sa makatuwid ay walong kaluluwa, ang nangaligtas sa pamamagitan ng tubig:21 Na ayon sa tunay na kahawig ngayo'y nagligtas, sa makatuwid baga'y ang bautismo, hindi sa pagaalis ng karumihan ng laman, kundi sa paghiling ng isang mabuting budhi sa Dios, sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli ni Jesucristo;" (1 Pedro 3:19-20 KJV)*** Si Jesus ay Dios na nagpakita sa laman, ang Kanyang katawan ay pinatay ngunit Siya ay patuloy na namuhay sa pamamagitan ng Espiritu ng Dios. Gumugol Siya ng tatlong araw sa puso ng mundo at sa ikatlong araw Siya ay bumangon mula sa mga patay at Siya ngayon ay buhay. Ito ang Kanyang Salita, ***"18 At ang Nabubuhay; at ako'y namatay, at narito, ako'y nabubuhay magpakailan man, at nasa akin ang mga susi ng kamatayan at ng Hades." (Pahayag 1:18 KJV)***

Sinabi ni Jesus sa Dios, ***<u>"Ama, sa mga kamay mo ay ipinagtatagubilin ko ang aking espiritu:</u>"*** Ipinagkatiwala ng Panginoong JesuCristo ang Kanyang sarili at ang Kanyang buhay sa Dios Ama. ***"23 Na, nang siya'y alipustain, ay hindi gumanti ng pagalipusta; nang siya'y magbata, ay hindi nagbala; kundi ipinagkatiwala ang kaniyang sarili doon sa humahatol ng matuwid: 24 Na siya rin ang nagdala ng ating mga kasalanan sa kaniyang katawan sa ibabaw ng kahoy, upang pagkamatay natin sa mga kasalanan, ay mangabuhay tayo sa katuwiran; na dahil sa kaniyang mga sugat ay nangagsigaling kayo." (1 Pedro 2:23-24 KJV)*** Ang Dios ay humahatol nang makatarungan: Si Jesus ay walang ginawa pagbabanta o sinubukang maghiganti: Hindi siya gumanti kundi nagtiwala Siya sa Dios upang tanggapin ang katarungan mula sa Kanya. Ang bagay ding ito na maaari nating ipamuhay sa ating buhay; kailangan nating magtiwala sa Dios kapag nahaharap tayo sa kawalang katarungan mula sa mga taong kukunin ang ating mga karapatan. Nararapat nating patawarin sila at palayain sila sa mga kamay ng Diyos at ilagay ang buong bagay sa ilalim ng kontrol ng Dios. ***"19 Huwag kayong mangaghigantihan, mga iniibig, kundi bigyan ninyong daan ang galit ng Dios: sapagka't nasusulat, Akin ang paghihiganti; ako ang gaganti, sabi ng Panginoon." (Roma 12:19 KJV)*** Sinasabi ng ng Salita ng Dios ang tungkol kay Jesus, ***"7 Siya'y napighati, gayon man nang siya'y dinalamhati ay hindi nagbuka ng kaniyang bibig; gaya ng kordero na dinadala sa patayan, at gaya ng tupang nasa harap ng mga manggugupit sa kaniya ay pipi, gayon ma'y hindi niya binuka ang kaniyang bibig." (Isaias 53:7 KJV)*** Nang nagdusa si Jesus hindi niya ibinuka ang Kanyang bibig. Hindi siya gumanti, hindi dahil Siya ay mahina kundi ipinagkatiwala Niya ang buong kalagayan sa Dios. Mayroong kapangyarihan kapag si Jesus ay nanatiling tahimik, ang Dios ay kumikilos para sa Kanya. Kaya kapag ikaw ay nahaharap sa kawalang katarungan at nilulusob ka ng mga tao at nanatili kang tahimik hindi ibig sabihin na mahina ka. Ngunt matatag ka dahil naghihintay ka sa Dios na makipagbaka para sa iyo. Ang iyong katahimikan ay nangangahulugang napagtagumpayan mo ang labanan at nagtiwala sa Dios upang dalhin sa iyo ang tagumpay.

***"26 Marami ang nagsisihanap ng lingap ng pinuno: nguni't ang kahatulan ng tao ay nagmumula sa Panginoon." (Kawikaan 29:26 KJV)*** Ang mga lingkod ng Dios ay hindi nakikipag away, hindi sumisigaw at humihiyaw. Makinig sa sinabi ng Dios tungkol sa Kanyang hinirang na lingkod, ang Panginoong JesuCristo: ***"18 Narito, ang lingkod ko na aking hinirang; At minamahal ko na kinalulugdan ng aking kaluluwa: Isasakaniya ko ang aking Espiritu, At ihahayag niya ang paghuhukom sa mga Gentil. 19 Hindi siya makikipagtalo, ni sisigaw; Ni maririnig man ng sinoman ang kaniyang tinig sa mga lansangan. 20 Hindi niya babaliin ang tambong gapok, At hindi papatayin ang timsim na umuusok, Hanggang sa papagtagumpayin ang paghuhukom. 21 At aasa sa kaniyang pangalan ang mga Gentil." (Mateo 12:18-21 KJV)*** Nais ng Dios sa mga naglilingkod sa Kanya na kumilos nang tahimik: hindi nasasangkot sa mga pag aalitan, pakikipag aaway, pagtatalo, paghihiganti, o pagganti. Ang Dios ay hindi tutulong kung gagawin natin ang gayong mga bagay; Ang Kanyang Espiritu ay wala doon. Ibig Niyang makipagtulungan sa mga inilalagay ang pagtitiwala sa Kanya, ***"7 Ang Panginoo'y mabuti, katibayan sa kaarawan ng kabagabagan; at nakikilala niya yaong nangaglalagak ng kanilang tiwala sa kaniya." (Nahum 1:7 KJV)***

***Sa aking mahal at minamahal:*** Mula sa ating natutunan mula sa itaas na mga aral kailangan nating ipamuhay sa ating buhay. Si Jesus ay hindi nabuhay para sa Kanyang sarili kundi para sa Dios at dapat tayong mabuhay hindi para sa ating sarili kundi para sa Kanya na namatay sa krus at nabuhay na maguli mula sa mga patay gaya ng pagsang ayon nating manalangin.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios, Ako ay lumalapit sa iyo sa harapan ni Jesus na namatay para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Ama ipakumbaba mo ako at tulungan ako na gawin ang iyong kalooban sa aking buhay; na patawarin ang iba, na ipangaral ang mabuting balita sa naliligaw, na magmalasakit sa aking pamilya at panatilihin hanggang sa huli, upang tuparin ang Banal na Kasulatan, upang maghintay sa iyo at buong magtiwala sa iyo na ibibigay mo sa akin ang katarungan at gagantimpalaan ako para sa lahat ng aking paglilingkod at ministerio sa iyo.*

*Ating ipahayag ang ating mga kasalanan at talikdan ang mga ito. Talikdan, ang hindi pagpapatawad, galit, kawalan ng awa, walang pag iingat, kawalan ng pagtatalaga, walang kahandaang maglingkod sa Dios, walang kahandaang magdusa at walang kahandaan na magtiis hanggang sa huli. Panginoon patawarin mo ako sa mga sumusunod na mga kasalanan ______________________.*

*Panginoon salamat para sa lahat ng aking mga kapatid na itinalaga ang kanilang buhay sa iyo. Panginoon tulungan mo sila na magbunga pa ng bunga ng Banal na Espiritu upang makita ng mga tao ang mga katangian at asal ni Jesus sa kanilang buhay. Panginoon puspusin sila ng Banal na Espiritu at gamitin sila upang maglingkod sa iyo, at upang iabot ang iyong mga bisig ng pagibig at awa sa sanglibutang nakapalibot sa amin.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan, at tulungan kami na magtiis upang magpatuloy na gawin ang iyong kalooban, upang ipangaral ang evangelio, upang magbautismo sa mga tao, upang gumawa ng mga alagad, upang magsanay ng mga mangagawa, at magtanim ng bagong mga pag aaral ng Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at palayain kami mula kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.